| Aralin 4 | الدرس الرابع |
|---|---|

## Ang Pagsamba sa Islam

Hindi tatanggapin sa Islam ang Pagsamba kapag hindi tapat na iniukol kay Allah at umaayon sa katuruang hinatid ni Propeta Muhammad. Samakatuwid, ang dasal, halimbawa, ay isang pagsambang hindi dapat ibaling sa iba pa kundi kay Allah at hindi isasagawa kung hindi sa pamamagitan ng pamamaraang nilinaw ng Sugo ni Allah. Iyon ay dahil sa sumusunod na mga kadahilanan:

**1.** Na si Allah ay nag-utos ng tapat na pag-ukol ng pagsamba sa Kanya lamang. Samakatuwid, ang pagsamba sa iba pa sa Kanya kasama sa Kanya ay isang Shirk (Pagtatambal sa Kanya sa Pagkadiyos). Nagsabi si Allah: **"Sambahin ninyo si Allah at huwag kayong magtambal sa Kanya ng anuman."**(4:36).

**2.** Na si Allah ay naglalaan ng pagbabatas para sa sarili Niya. Ito ay karapatan Niya lamang. Ang sinumang nagsagawa ng pagsamba na hindi ayon sa isinabatas ni Allah ay nakilahok na kay Allah sa pagbabatas Niya.

**3.** Na si Allah ay naglubos para sa atin ng Relihiyong Islam. Samakatuwid, ang taong umiimbento ng isang pagsamba na ay magiging isang nagpaparatang sa Islam ng kakulangan.

**4.** Na kung ipinahintulot sa mga tao na magsagawa ng pagsamba ayon sa niloob nila, talagang ang bawat tao ay magkakaroon ng pansariling pamamaraan niya sa pagsamba, dahil sa pagkakaiba ng mga panlasa.

## Ang mga Saligan ng Islam

Ang mga Saligan ng Islam na ipinag-utos ni Allah na isagawa ay limang saligan:

**1.** Ang pagsaksi na walang totoong Diyos kundi si Allah at na si Muhammad ay Sugo ni Allah,
**2.** Ang pagpapanatili sa pagdarasal,
**3.** Ang pagbibigay ng Zakáh,
**4.** Ang pag-aayuno sa Ramadán
**5.** Ang pagsasagawa ng Hajj sa Banal na Bahay ni Allah.

## Ang Pagpasok sa Relihiyong Islam

Matapos na magkaroon ka ng kaalam sa kadakilaan ng Relihiyong Islam, na ito ang tanging daan sa kaligtasan para kay Allah, na ang pagpasok dito ay kinakailangan para sa bawat isa, at walang paraan para sa pagpasok sa Paraiso at pagkaligtas sa Impiyerno sa araw ng Pagkabuhay kundi sa pamamagitan ng pagyakap dito, maaari mong maitanong kung papaano ang pagpasok sa Islam. Ang sagot hinggil doon: kapag ikaw ay nagnais na pumasok sa Islam ay wala kang ibang gagawin kundi ang sumampalataya na walang tunay na Diyos kundi si Allah at na si Muhammad ay Sugo ni Allah. Bibigkasin mo ito ng ganito sa wikang Arabe: *ashhadu an lá iláha illalláhu wa ashhadu anna muhammadar rasúlulláh*—Sumasaksi ako na walang tunay na Diyos kundi si Allah at sumasaksi ako na si Muhammad ay Sugo ni Allah. Pagkatapos ay magsisimula ka sa pag-aaral at pagpapatupad ng mga alituntunin ng Islam tulad ng pagdarasal at iba pa. Ang mga aklat na naglilinaw rito ay marami.